


10

Edukasyon sa Pagpapahalaga

Unang Markahan – Modyul 6: Ang tunay na kahulugan ng kalayaan



Edukasyon sa Pagpapakatao 10

Alternative Delivery Mode

Unang Markahan – Modyul 6: Ang tunay na kahulugan ng Kalayaan

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Getrudes G. Galonza

Editor: Anne Rose B. Cayasen – Regional EPS - EsP

Tagasuri: Erlinda C. Quinoan, Ed. D. – Division EPS - EsP

Tagaguhit:

Tagalapat:

Tagapamahala: May B. Eclar, Ed. D. CESO IV – Regional Director

Carmel F. Meris - Chief Education Supervisor CLMD

Ethielyn Taqued – Regional EPS - LRMDs

Edgar H. Madlaing, Ed. D. – Regional EPS – AP / ADM Focal Person

Rizalyn A. Guznian, Ed. D. – Chief Education Supervisor CID

Sonia D. Dupagan, Ed. D. – Division EPS LRMDs

Vicenta C. Danigos, Ed. D. – Principal I

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyong Pampangasiwaan ng Cordillera

Office Address: Wangal, La Trinidad, Benguet

Telefax: (074)-422-4074

E-mail Address: car@deped.gov.ph

10

Edukasyon sa Pagpapakatao

**Unang Markahan – Modyul 6:
Ang tunay na kahulugan ng
kalayaan**

Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyong sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Ano ang tunay na kahulugan ng kalayaan!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



Mga Tala para sa Guro

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Edukasyong sa Pagpapakatao 10 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa ang tunay na kahulugan ng kalayaan!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.



Alamin

Kalayaan, ang laging usap-usapin ng mga mamamayan. Noong ika’y nasa elementarya, naging isang aralin ang kalayaan. Kaya inaasahang, ikaw ay may sapat na kaalaman kapag kalayaan ang usapan.

Noong unang panahon, nakamit natin ang ating sariling kasarinlan – kalayaan mula sa kamay ng mga dayuhan. Bilang isang mag-aaral, madali mong maipahayag ang iyong sariling kaisipan at damdamin kapag ganitong kalayaan ang talakayan.

Maraming uri ang kalayaan. Ang kalayaan mo bilang isang mamamayan na maaring maging isang paksa ng usapan. Malaya ang isang individwal na maihayag ang kanyang kalayaan sa pananalita, pananamit at pagkilos. Ang kalayaang ito ay alam na alam mo ang ibig sabihin. Pero, hanggang ano ang alam mong kalayaan mo?

Pinahahalagahan mo nga aba ang iyong kalayaan?

Inaasahang natutuhan mo ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga pagkatapos mong basahin at unawain ang modyul na ito:

1. Naipaliliwanag ang tunay na kahulugan ng kalayaan (EsP10MP -Id-3.1)
2. Natutukoy ang mga pasya at kilos na tumutugon sa tunay na gamit ng kalayaan. (EsP10MP -Id-3.2)



Subukin

Bago mo simula ang mga Gawain sa modyul, sagutin mo muna ang mga katanungan sa ibaba.

Panuto : Isulat ang **Tama** kung wasto ang pahayag at isulat naman ang **Mali** kung hindi. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. _____ Ang pagsasabi ng katotohanan ay nagpapasaya sa damdamin.
2. _____ Magsuot ng damit na nakikita ang pusod dahil uso ngayon.
3. _____ Isulat ang nais ipahayag sa gusali ng paaralan.
4. _____ Hindi sumamang magtanan si Mariel kahit na mahal na mahal niya ang kasintahan.
5. _____ Alam mong pwedeng ulitin ang isang asignatura sa darating na pasukan kaya hindi ka na pumasok pagkatapos ng ikatlong pagsusulit
6. _____ Pinagsabihan mo ng masasakit na salita ang iyong kaibigan dahil sa sobrang galit.
7. _____ Ang pagsigaw at paghalakhak ng malakas habang nanonood sa isang pagtanghal ay pagpapakitang maganda ang pinanonood.
8. _____ Pinagsabihan ka ng iyong ina na buksan ang sulat ng ate mo upang malaman kung sino ang sumusulat sa kanya.
9. _____ Bilang isang miyembro ng isang samahan sa iyong paaralan, sumama kang pumunta sa iyong pungguro upang magsumbong na hindi naglilinis ang ibang mag-aaral kung eskedyu nila.
10. _____ Kapatid ng nanay mo ang kahera ng paaralan, pumipila ka upang magbayad.

Panuto : Ibigay ang hinihingi ng bawat bilang

11. _____ Ito ay ang pagkilos sa sariling kagustuhan.
12. _____ Ang pagkilos ayon sa hinihingi ng sitwasyon
13. _____ Aspekto ng kalayaan na nagpapakita ng kawalan ng hadlang ng isang tao sa pagkamit ng anumang naisin.
14. _____ Aspekto ng kalayaan na inuuna ang kapakanan ng iba bago ang sariling kapakanan.
15. _____ Uri ng kalayaan na ang pagpili sa kung ano ang alam ng taong makabubuti sa kaniya

Aralin**1****TUNAY NA KAHULUGAN NG KALAYAAN****Balikan**

Sa nakaraang aralin, napag-aralan natin na napatutunayan na ang konsiyensiyang nahubog batay sa Likas na Batas Moral ay nagsisilbing gabay sa tamang pagpapasiya at pagkilos at nakagagawa ng angkop na kilos upang itama ang mga maling pasyong ginawa.

PANUTO : Itala ang mga pasya o kilos na nagawa sa isang araw at suriin kung ito ay tama o mali at kung mali isulat kung ano ang dapat na gawin

Mga nagawang pasya at kilos	Tama	Mali	Ano ang dapat gawin
1.			
2.			
3.			
4.			
5.			

**Tala mula sa aking guro**

Ang pag-aaral sa Edukasyon sa Pagpapakatao ay nagbibigay ng linaw sa bawat indibidwal upang patuloy na mahubog ang kanyang pagkatao. Mula pagkasilang hanggang sa siya'y ganap na mamulat ay kaakibat nito ang landas na patungo sa kabutihan. Sa pagsagot sa mga inihandang gawain, inaasahang ika'y matututo at mamumulat sa katotohanang ang mga Pilipino ay tunay na pinagpala dahil sa kanilang kalayaan. Sana'y matapos mo ang modyul na ito nang may katuwaan at may matututunan ka na maaari mong ibahagi sa iyong kapwa mag-aaral. Namilva at maging sa komunidad na ivong ginagalawan. Pagbutihin mo.



Tuklasin

GAWAIN 1 : Nararapat Gawin

PANUTO : Basahin at unawain ang mga sitwasyon, sagutin ang mga tanong sa iyong kwaderno.

SITWASYON 1:

Kailangan mong bumili ng bagong damit dahil may dadaluhan kang isang selebrasyon. Sa pinuntahan mong *department store*, marami ang naggagandahang mga damit kaya't namili ka ng naaayon sa iyong pangangatawan, at angkop sa iyong personalidad, istilo at pamantayan ng pananamit na inaasahan ng iyong mga kaibigan sa iyo at kung saan ito gawa.

1. Ano ang gagawin mo?
2. Bibilhin mo ba ang damit? OO o Hindi? Bakit?
3. Ano-ano ang mga isinaalang-alang mo sa paggawa ng desisyon?

SITWASYON 2:

Tinanung mo ang *saleslady* kung magkano ang damit na gusto mo, ito ay nagkakahalaga ng isang libo at dalawang daang piso. Ang dala mong pera ay eksak to presyo ng damit. Ang *budget* mo sa damit ay limang daang piso lamang dahil ang iba ay nakalaan na pambili ng kailangang gamit sa eskwela at allowance sa isang linggo.

1. Ano ang gagawin mo?
2. Bibilhin mo ba ang damit? OO o Hindi? Bakit?
3. Ano-ano ang mga isinaalang-alang mo sa paggawa ng desisyon?
4. Ano ang pagkakaiba ng Sitwasyon 1 at Sitwasyon 2?
5. Ano ang isinaalang-alang mo sa pagdedesisyon sa pagkakataong ito?



Suriin:

Ano nga ba ang Kalayaan?

Ikaw at ako, nais makamit ang kalayaan. Bawat tao ay may karapatang mabuhay at magpasya anuman ang nais gawin at walang makakahadlang sa kanyang gawin ito.

Isang napakahalagang karapatan ng isang tao ang kalayaan - walang sinuman ang pwedeng humadlang o pumigil sa anumang naisin at gawin sa kanyang buhay. Malayang gampanan ang anumang bagay na magpapaunlad at magpapaligaya nito. Malayang lumikha, magtatag at magsagawa ng anumang makabuluhang bagay sa ikakaunlad ng sarili, mga kasamahan at maging ang iyong pamayanan at walang magiging anumang agam-agam o alalahanin sa paggawa ng mga ito. Mapayapa, mahusay, at maligaya ka sa pagtupad ng mga tungkulin bilang masunuring mamamayan. (Johann)

Ang kalayaan ay may kakambal na responsibilidad o may kasunod na responsibilidad.

Dalawang responsibilidad

1. Kalayaang kaugnay ng malayang kilos loob

- Ito ay ang pagkilos sa sariling kagustuhan

2. Kakayahang tumuguon sa tawag ng pangangailangan ng sitwasyon

- Pagkilos ayon sa hinihingi ng sitwasyon

Dalawang aspekto ng Kalayaan

1. Kalayaan Mula Sa (Freedom From)

- Ang kalayaan mula sa ay ang kawalan ng hadlang ng isang tao sa pagkamit ng anumang naisin. Malaya siyang kumilos o gumawa ng mga bagay-bagay at para maging ganap na malaya ang isang tao, dapat kaya niyang pigilin at pamahalaan ang nais ng kanyang sarili.

Mga negatibong katangian at pag-uugali na kailangang iwasan para ganap na maging malaya


- a. Makasariling interes
- b. Katamaran
- c. Kapritso
- d. Pagmamataas

2. Kalayaan Para Sa (Freedom For)

- Inuuna ang kapakanan ng iba bago ang sariling kapakanan. Kung ang isang tao ay malaya sa pagiging makasarili. Upang patuloy na makapagmahal at makapaglingkod ang isang tao, kailangang malaya siya mula sa pansariling interes na nagiging hadlang sa kanyang pagtugon sa pangangailangan ng kanyang kapwa.

Dalawang uri ng Kalayaan

1. **Malayang Pagpili (*Free Choice o Horizontal Freedom*)** - Ang malayang pagpili ay ang pagpili sa kung ano ang alam ng taong makabubuti sa kaniya (*goods*). Ang isang bagay ay pinipili dahil nakikita ang halaga nito.
2. ***Vertical freedom o fundamental Option*** - Ito ay tumutukoy sa pangunahing pagpiling ginagawa ng isang tao.
 - a. Ang pagtaas o tungo sa mas mataas na halaga o *fundamental option* ng pagmamahal - nangangahulugan ito ng pagpili sa ginagawa ng tao; kung ilalaan ba niya ang kanyang ginagawa para sa tao at sa Diyos.
 - b. Ang pagbaba tungo sa mas mababang halaga o *fundamental option* ng pagkamakasarili - ito ang mas mababang *fundamental option* dahil wala kang pakialam sa iyong kapwa at sa Diyos.



Pagyamanin

GAWAIN 2 : Pagbibigay kahulugan at pagpapaliwanag

Panuto : Sagutin ang sumusunod na katanungan, isulat ang sagot sa kwaderno

- a. Ano ang kahulugan ng kalayaan base sa iyong nabasa

b. Ano ang dalawang aspekto ng kalayaan.

1. _____

2. _____

c. Ipaliwanag ang dalawang responsibilidad na kakambal ng kalayaan.


1. _____

2. _____

d. Sa iyong sariling pananaw, ipaliwanag ang kalayaan.

GAWAIN 3 : Paghahambing sa *venn diagram*

PANUTO: Paghambingin ang dawang uri ng kalayaan



GAWAIN 4 : Pagbibigay ng negatibong katangian sa bawat sitwasyon

PUNUTO: Basahing mabuti ang sitwasyon na nakapaloob sa ikalawang hanay. Ibigay ang tinutukoy nito na negatibong katangian ng pagdedesisyon (tignan ang pagpipilian sa ibaba) at ibigay ang tamang desisyon na dapat mong gawin.

Negatibong katangian	Sitwasyon	Tamang desisyon na gagawin sa sitwasyon
	Hindi pagsasabi sa kamag-aral kung mayroong libreng ayuda na ipamimigay ng paaralan o barangay	
	Pagsasabing masakit ang pangangatawan kung alam na maraming trabahong dapat tapusin.	
	Hindi alam making sa pakiusap o sinasabi ng iba	
	Pagbili ng mga bagay na bagay na hindi masyadong kailangan	
	Pag ginusto ay pilit na kinukuha	




Isaisip

GAWAIN 5 :

PANUTO : Punan ang patlang ng mga tamang salita.

1. Ang _____ ang ninanais na makamit ng tao.
2. Ang kalayaan ay may kakambal na _____ o may _____.
3. Kalayaang _____, ito ay ang pagkilos sa sariling kagustuhan.
4. Dalawang aspekto ng Kalayaan, _____ at _____.
5. Mga negatibong katangian at pag-uugali na kailangang iwasan para ganap na maging Malaya _____, _____, _____, _____.
6. Ang _____ ay ang makita ang kapwa at mailagay siyang una bago ang sarili.
7. Ang _____ ay tumutukoy sa pagpili kung ano ang tingin ng taong makabubuti sa kanya.
8. Ang _____ ay kilos na “mananagot ako.”



Isagawa

GAWAIN 6: Pagpapaliwanang

PANUTO: Sagutin ang susunod na tanong. Isulat ang sagot sa kwaderno

1. Ano ang kalayaan.

2. Paghambingin ang dawang uri ng responsibilidad na kakambal ng kalayaan.

3. Ipaliwanang ang vertical freedom o fundamental option




Tayahin

Panuto : Isulat ang **Tama** kung wasto ang pahayag at isulat naman ang **Mali** kung hindi. Isulat ang sagot sa inyong sagutang papel.

1. _____ Magsuot ng damit na nakikita ang pusod dahil uso ngayon.
2. _____ Isulat ang nais ipahayag sa gusali ng paaralan.
3. _____ Ang pagsasabi ng katotohanan ay nagpapasaya sa damdamin.
4. _____ Hindi sumamang magtanan si Mariel kahit na mahal na mahal niya ang kasintahan.
5. _____ Alam mong pwedeng ulitin ang isang asignatura sa darating na pasukan kaya hindi ka na pumasok pagkatapos ng ikatlong pagsusulit.
6. _____ Pinagsabihan mo ng masasakit na salita ang iyong kaibigan dahil sa sobrang galit.
7. _____ Ang pagsigaw at paghalakhak ng malakas habang nanonood sa isang pagtanghal ay pagpapakitang maganda ang pinanonood.
8. _____ Dahil iniutos ng iyong ina, binuksan mo ang sulat ng ate mo upang malaman kung sino ang sumusulat sa kanya.
9. _____ Kapatid ng nanay mo ang kahera ng paaralan, pumipila ka upang magbayad.
10. _____ Bilang isang miyembro ng isang samahan sa iyong paaralan, sumama kang pumunta sa iyong pungguro upang magsumbong na hindi naglilinis ang ibang mag-aaral kung eskedyu nila.

Panuto : Ibigay ang hinihingi ng bawat bilang

11. _____ Ito ay ang pagkilos sa sariling kagustuhan.
12. _____ Ang pagkilos ayon sa hinihingi ng sitwasyon
13. _____ Aspekto ng kalayaan na nagpapakita ng kawalan ng hadlang ng isang tao sa pagkamit ng anumang naisin.
14. _____ Aspekto ng kalayaan na inuuna ang kapakanan ng iba bago ang sariling kapakanan.
15. _____ Uri ng kalayaan na ang pagpili sa kung ano ang alam ng taong makabubuti sa kaniya




Karagdagang Gawain

Gawain 7: Pagguhit at pagsulat

Panuto : Gumuhit ng poster, sumulat ng talata, awiten, tula sa isang *buong bond paper* na nagsisimbulo ng kalayaan

Kategorya	Higit na Inaasahan (5)	Nakamit ang Inaasahan (4)	Bahagyang Nakamit ang Inaasahan (3)	Hindi Nakamit ang Inaasahan (2)	Iskor
Introduksyon	Nakapanghuhikayat ang introduksyon. Malinaw na nakalahad ang pangunahing paksa gayundin ang panlahat na pagtanaw ukol dito.	Nakalahad sa introduksyon ang pangunahing paksa gayundin ang panlahat na pagtanaw ukol dito.	Nakalahad sa introduksyon ang pangunahing paksa subalit hindi sapat ang pagpapaliwanag ukol dito.	Hindi malinaw ang introduksyon at ang pangunahing paksa. Hindi tin nakalahad ang panlahat na pagpapaliwanag ukol dito.	
Diskusyon	Makabuluhan ang bawat talata dahil sa husay na pagpapaliwanag at pagtalakay tungkol sa paksa.	Bawat talata ay may sapat na detalye	May kakulangan sa detalye	Hindi nadebelop ang mga pangunahing ideya	
Organisasyon ng mga Ideya	Lohikal at mahusay ang pagkakasunud-sunod ng mga ideya, gumamit din ng mga transisyunal na pantulong tungo sa kalinawan ng mga ideya.	Naipakita ang development ng mga talata subalit hindi makinis ang pagkalahad	Lohikal ang pagkakaayos ng mga talata subalit ang mga ideya ay hindi ganap na nadebelop.	Walang patunay na organisado ang pagkalahad ng sanaysay.	
Konklusyon	Nakapanghahamon ang konklusyon at napapakita ang pangkalahatang palagay o paksa batay sa katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna.	Naipakita ang pangkalahatang palagay o paksa batay sa mga katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna.	Hindi ganap na naipakita ang pangkalahatang palagay o paksa batay sa mga katibayan at mga katwirang inisa-isa sa bahaging gitna.	May kakulangan at walang pokus ang konklusyon	
Mekaniks	Walang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay.	Halos walang pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay.	Maraming pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay.	Napakarami at nakagugulo ang mga pagkakamali sa mga bantas, kapitalisasyon at pagbabaybay.	
Gamit	Walang pagkakamali sa estriktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita.	Halos walang pagkakamali sa estriktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita.	Maraming pagkakamali sa estriktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita.	Napakarami at nakagugulo ang pagkakamali sa estriktura ng mga pangungusap at gamit ng mga salita.	
Kabuuan					

Hango sa:
Badayos, P.B. et al. 2007. *Komunikasyon sa Akademikong Filipino*. Valenzuela City: Mutya Publishing House, Inc.



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin:</p> <ol style="list-style-type: none">1. Mali2. Mali3. Tama4. Tama5. Mali6. Mali7. Mali8. Mali9. Tama10. Tama11. Kaugayang kaugnay ng malayang kilos- loob12. Kakayahang tumugon sa tauwag ng pangangailangan ng situasyon13. Kaugayang maita sa14. Kaugayang para sa15. Malayang pagpili	<p>Subukin:</p> <ol style="list-style-type: none">1. Tama2. Mali3. Mali4. Tama5. Mali6. Mali7. Mali8. Mali9. Tama10. Tama11. Kaugayang kaugnay ng malayang kilos- loob12. Kakayahang tumugon sa tauwag ng pangangailangan ng situasyon13. Kaugayang maita sa14. Kaugayang para sa15. Malayang pagpili
-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

Sanggunian:

Edukasyon sa Pagpapakatao 2015, 65 – 75

Project EASE: Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Modyul 10, 3-4

<https://www.youtube.com/watch?v=1nibDNR5HTc>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph